Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Sangay ng mga Paaralan ng Benguet

DepEd-Benguet Division
JUL 26 2021
RELEASED

Hulyo 23, 2021

Memorandum Pansangay
Blg. 288 s. 2021

Sa mga: Pandistritong Tagamasid
Punong-guro / Ulong-guro
Pandistritong Tagapag-ugnay ng Filipino (Elementarya at Sekondarya)
Mga guro ng/sa Filipino sa Elementarya at Sekondarya

## GAWAIN SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2021

1. Itinatagubilin ng Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997 ang taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31 bilang pagpapahalaga sa ating Wikang Pambansa na nagsisilbing wikang panlahat at kasangkapan sa komunikasyon, unawaan, kaisahan, at kaunlaran ng bansa.

2. Ang tema ng pagdiriwang sa taong ito ay "Filipino at mga Wikang Katutubo sa Dekolonisasyon ng Pag-iisip ng mga Pilipino" na nagbibigay-diin sa mahalagang gampanin ng Filipino at mga katutubong wika sa paghubog ng isipan ng mga Pilipino.

3. Sa kabila ng sitwasyong pangkalusugan sa kasalukuyan at kawalan ng pagkaklase sa Agosto, magkakaroon ng pagdiriwang bilang pagtalima sa Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Layunin ng pagdiriwang na:
   a. mapagtibay ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa wika, sining at ICT sa pamamagitan ng mga paligsahan gamit ang TikTok at vlog;
   b. makakalap ng mga patotoo sa mga naging karanasan ng mga mag-aaral, mga magulang at mga guro tungkol sa pagkatuto sa Bagong Kadawyan o *New Normal*;
   c. mabigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral, mga magulang at mga guro upang patuloy na magkaroon ng ugnayan sa pagkatuto at paglilibang; at
   d. malinang ang kasanayang pangkomunikasyon at pagkamalikhain ng mga mag-aaral gamit ang mga makabagong kagamitan.

Address: Wangal, La Trinidad, Benguet
Telephone Number: (074) 422-6570
Email: benguet@deped.gov.ph
Facebook Page: DepEd Tayo Benguet

IYAMAN
Integrity Team Accomplishments Modern Advancement Nurture Excellence
ACS W3 ISO 9001:2015 CERTIFIED MANAGEMENT SYSTEM
IAS ACCREDITED Management Systems Certification Body MSCB-153

4. Kalahok sa mga paligsahan ang mga mag-aaral sa mga pampubliko at pribadong paaralan sa ating Dibisyon na may apat na pangkat: (1) Baitang 1-3 para sa paggawa ng TikTok ng iskit ng magulang at mag-aaral; (2) Baitang 4-6 para sa paggawa ng TikTok ng iskit ng guro at mag-aaral; (3) Junior High School para sa paggawa ng TikTok ng karanasan sa pag-aaral sa Bagong Kadawyan; at (4) Senior High School para sa paggawa ng vlog tungkol sa mga karanasan sa pag-aaral sa Bagong Kadawyan.

5. Ang pakikipag-ugnayan sa mga mag-aaral at mga magulang, at pagpasa ng mga entri ay sa pamamagitan ng online o birtuwal. Ang pagpasa ng mga lahok o entri sa Dibisyon ay hanggang sa Agosto 23 para sa uploading sa FB page ng KaguroFil Benguet. Ang paghahayag ng mga magwawagi ay sa Agosto 31 kasabay ng pandibisyong birtuwal na palatuntunan sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika.

6. Ipadadala sa Pansangay na Tagamasid ng Filipino ang mga lahok ng bawat distrito. Nakalagay sa magkahiwalay na flash drives ang mga lahok ng elementarya at sekondarya.

7. Mabibigyan ng Sertipiko ng Paglahok ang mga kalahok sa pandistritong paligsahan at Sertipiko ng Pagkilala para sa mga magwawagi. Ganito rin ang mangyayari sa mga kalahok at mga magwawagi sa pandibisyong paligsahan.

8. Kalakip nito ang nakabalangkas na mga gawain, pamamaraan, mga alituntunin, at mga pamantayan *(Kalakip 1)*. Para sa paglilinaw, mangyaring magpadala ng mensahe sa cellphone bilang 0968-269-6391 o sa email address na norbert.lartec@deped.gov.ph

9. Para sa agarang diseminasyon at pagtalima.

**GLORIA B. BUYA-AO**
*Pansangay na Tagapamahala ng mga Paaralan*

Kalakip: Gaya ng nakasaad

CID/rag/ncl

| MGA PALIGSAHAN SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA (Agosto 1-31, 2021) | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **GAWAIN** | **KALAHOK** | **MGA TAONG KASANGKOT** | **PAMAMARAAN** | **MGA ALITUNTUNIN** | **PAMANTAYAN** |
| Magulang Ko, Guro Ko: **TikTok ng Iskit ng Magulang at Mag-aaral** | Mga mag-aaral sa Baitang 1, 2 o 3 at mga magulang | EPS, PSDSs, mga tagapag-ugnay, mga punong-guro/ulong-guro, mga guro at mag-aaral ng Filipino, mga magulang, ICT Coordinator | 1. Bawat paaralan ay pipili ng pinakamahusay na TikTok ng iskit ng magulang at mag-aaral.<br>2. Ang mapipili sa pampaaralang lebel ang magiging entri sa pandistritong paligsahan.<br>3. Ang magwawaging entri sa distrito ang magiging entri sa pandibisyong paligsahan.<br>4. Ilalagay sa Facebook page ng KaguroFil Benguet ang mga entri mula sa 14 distrito.<br>5. Magpaparamihan ng *likes* sa mga lahok dahil kabilang ito sa paghuhusga. | 1. Gagawa ng TikTok ng iskit ang magulang at mag-aaral. Dapat na ang kasama ng mag-aaral ay ang totoong magulang o tagapag-alaga.<br>2. Dapat na mapapabilang ang kalahok na mag-aaral sa Baitang 1, 2 o 3 sa Taong Pampaaralan 2021-2022.<br>3. Tungkol sa totoong karanasan ng magulang sa pagtuturo sa anak ang nilalaman ng iskit.<br>4. Ang haba ng iskit ay 3-4 minuto. | 1. Diyalogo at pagganap– 30%<br>2. Pagkamalikhain at teknikal na aspekto – 30%<br>3. Nilalaman – 30%<br>4. Bilang ng likes – 10% |
| Guro Ko, Karamay Ko: **TikTok ng Iskit ng Guro at Mag-aaral** | Mga mag-aaral sa Baitang 4, 5 o 6 at kanilang mga guro | EPS, PSDS, mga tagapag-ugnay, mga punong-guro/ulong-guro, mga guro at mga mag-aaral ng Filipino, ICT Coordinator | 1. Bawat paaralan ay pipili ng pinakamahusay na TikTok ng iskit ng guro at mag-aaral.<br>2. Ang mapipili sa pampaaralang lebel ang magiging entri sa pandistritong paligsahan.<br>3. Ang magwawaging entri sa distrito ang magiging entri sa pandibisyong paligsahan.<br>4. Ilalagay sa Facebook page ng KaguroFil Benguet ang mga entri mula sa 14 distrito.<br>5. Magpaparamihan ng likes sa mga lahok dahil kabilang ito sa paghuhusga. | 1. Gagawa ng TikTok ng iskit ang guro at mag-aaral. Dapat na ang kasama ng mag-aaral ay ang kaniyang guro.<br>2. Dapat na mapapabilang ang kalahok na mag-aaral sa Baitang 4, 5 o 6 sa Taong Pampaaralan 2021-2022.<br>3. Tungkol sa totoong karanasan ng guro sa pagtuturo sa mag-aaral ang nilalaman ng iskit.<br>4. Ang haba ng iskit ay 3-4 minuto. | 1. Diyalogo at pagganap – 30%<br>2. Pagkamalikhain at Teknikal na aspekto – 30%<br>3. Nilalaman – 30%<br>4. Bilang ng likes – 10% |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Karanasan Ko sa Modyul, i-TikTok Ko | Mga mag-aaral sa Junior High School | EPS, PSDS, mga koordineytor o tagapag-ugnay, mga punong-guro/ulong-guro, mga guro at mga mag-aaral ng Filipino, ICT Coordinator | 1. Bawat paaralan ay pipili ng pinakamahusay na TikTok ng mga mag-aaral.<br>2. Ang mapipili sa pampaaralang lebel ang magiging entri sa pandistritong paligsahan.<br>3. Ang magwawaging entri sa distrito ang magiging entri sa pandibisyong paligsahan.<br>4. Ilalagay sa Facebook page ng KaguroFil Benguet ang mga entri mula sa 14 distrito.<br>5. Magpaparamihan ng likes sa mga lahok dahil kabilang ito sa paghuhusga. | 1. Dapat na natutungkol sa totoong karanasan ng mag-aaral sa pag-aaral sa New Normal ang nilalaman ng TikTok.<br>2. Dapat na ang kalahok ay mag-aaral sa Junior High School sa Taong Pampaaralan 2021-2022.<br>3. Ang haba ng TikTok ay 3-4 minuto. | 1. Diyalogo at pagganap – 30%<br>2. Pagkamalikhain at Teknikal na aspekto – 30%<br>3. Nilalaman – 30%<br>4. Bilang ng likes – 10% |
| Karanasan Ko, I-vlog Ko | Mga mag-aaral sa SHS | EPS, PSDS, mga koordineytor o tagapag-ugnay, mga punong-guro/ulong-guro, mga guro at mga mag-aaral ng Filipino sa SHS, ICT Coordinators | 1. Bawat paaralan ay pipili ng pinakamahusay na vlog ng mga mag-aaral.<br>2. Ang mapipili sa pampaaralang lebel ang magiging entri sa pandistritong paligsahan.<br>3. Ang magwawaging entri sa distrito ang magiging entri sa pandibisyong paligsahan.<br>4. Ilalagay sa Facebook page ng KaguroFil Benguet ang mga entri mula sa 14 distrito.<br>5. Magpaparamihan ng likes sa mga lahok dahil kabilang ito sa paghuhusga. | 1. Dapat na natutungkol sa totoong karanasan ng mag-aaral sa pag-aaral sa New Normal ang vlog.<br>2. Dapat na ang kalahok ay mag-aaral sa Senior High School sa Taong Pampaaralan 2021-2022.<br>3. Ang haba ng vlog ay 3-5 minuto. | 1. Husay sa paglalahad – 30%<br>2. Pagkamalikhain at Teknikal na aspekto – 30%<br>3. Nilalaman – 30%<br>4. Bilang ng likes – 10% |